

13.12.020: TAKDANG PETA SA NG PAGBABAYAD:

- A. Maaaring gumamit ang lungsod ng pinag-isang sistema ng billing para sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng lungsod. Ang mga singil sa tubig, wastewater, at refuse service, o anumang iba pang serbisyong ipinagkakaloob ng lungsod, ay maaaring i-bill sa isang bill at kolektahin bilang isang item. Ang pagkabung bayaran ang halagang dapat bayaran nang buo para sa anuman sa mga serbisyo ay maaaring magresulta sa pagputol ng mga serbisyo sa tubig.
- B. Lahat ng bill at pagsingil para sa serbisyo ay dapat bayaran pagkapresenta at magiging delinkuente pagkalipas ng dalawampu't anim (26) na araw mula noon. Kung hindi binayaran ang bill sa, o bago ng, nasabing takdang petsa ng pagbabayad, ituturing na delinkuente ang billing at isang singil sa pagkahuli ng bayad ay ipapataw sa hindi nabayarang balanse tulad ng sumusunod:
1. Para sa anumang account na may hindi nabayarang balanse, may itatasa na isang beses na pagsingil na sampung porsyento (10%) ng hindi nabayarang balanse kada serbisyo.
 2. Ang singil na ito ay dapat bayaran kaagad pagkadagdag nito.
 3. Ang isang customer na mayroong record ng pagbabayad na ni-rate na "A", sa sandaling hilingin ng naturang customer, ay maaaring ipa-waive sa kawani ng lungsod ang singil sa pagkahuli ng bayad. Nakakakuha ng ni-rate na "A" na record ng pagbabayad ang isang customer sa pamamagitan ng pagbabayad ng lahat ng singil para sa tubig, wastewater, at refuse service, o anumang iba pang mga serbisyo na ipinagkakaloob ng lungsod sa, o bago ng, nasabing takdang petsa ng pagbabayad mula noong itatag ang serbisyo, o sa loob ng tuloy-tuloy na panahon na hindi bababa sa labindalawang (12) buwan.
 4. Kapalit ng pagpapataw ng singil sa pagkahuli ng bayad sa delinkuwenteng billing sa serbisyo sa tubig ng customer, maaaring mag-alok ang Lungsod sa sinumang customer ng serbisyo sa tubig ng lungsod na may delinkuwenteng billing sa serbisyo sa tubig ng opsyon na makilahok sa awtomatikong plano ng pagbabayad ng lungsod sa halip na managutan para sa pagbabayad ng mga singil sa pagkahuli ng bayad alinsunod sa subsection 1, sa itaas. Ang naturang pakikilahok, kung sinang-ayunan ng customer sa serbisyo sa tubig, ay para sa panahon na isang (1) taon. Kung sakaling hininto ng customer ang kanyang pakikilahok sa awtomatikong plano ng pagbabayad sa nasabing isang (1) taon na panahon, agad na mananagot ang customer sa mga singil sa pagkahuli ng bayad at multa na kung hindi man ay ipapataw sa delinkuwenteng account sa serbisyo sa tubig ng customer.
- C. Maaaring putulin ang serbisyo sa sandaling mabigyan ng nakasulat na abiso na inaatas ng batas kung ang pagbabayad ng lahat ng singil ay hindi isinagawa bago ang petsa kung kailan magiging delinkuente ang naturang serbisyo, hanggang sa antas na pahihintulutan ng batas.
- D. Kung may sinumang may-ari o ahente ang nagbabayad para sa serbisyo sa tubig sa higit sa isang property o unit, maaaring putulin ang serbisyo sa lahat ng property para sa pagkabung magbayad para sa anumang isang property. Ang mga patakarang at singil sa pagpapanumbalik ng serbisyo ay itinakda sa pamamagitan ng resolusyon at seksyon 13.12.050 ng chapter na ito.
- E. Hindi makakaiwas ang customer sa pananagutan dahil sa pagkabung tanggapin ang bill. Anumang halagang dapat bayaran ay ituturing na utang sa lungsod, at sinuman/anumang tao, kumpanya, o korporasyon na nabigo, nagpabaya, o tumangging magbayad ng nasabing pagkakautang ay mananagutan sa isang aksyong pangsibil na dadalhin ng lungsod sa anumang hukuman ng karampatang hurisdiksyon para sa halagang iyon.
- F. Bilang karagdagan sa anumang iba pang remedyo na mayroon ito para sa pangongolekta ng mga delinkuwenteng account, maaaring maging dahilan ito para magka-abiso sa pagdinig sa mga delinkuwenteng account alinsunod sa mga seksyon ng Government Code na 25831 at 38790.1. Ang

naturang abiso ay ipapadala sa mga may-ari ng property na nakalista bilang delingkuwenteng account nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang petsa ng pagdinig. Sa pagdinig, didinggin ng konseho ng lungsod ang anumang mga pagtutol o pagsalungat ng mga naturang may-ari ng property. Maaaring gumawa ang konseho ng lungsod ng naturang mga pagrebisa, pagwawasto o pagtatanggal sa report ng mga delingkuwenteng account na itinuturing nitong makatuwiran, na pagkatapos nito, sa pamamagitan ng resolusyon, kukumpirmahin ang report. Ang mga pagsingil sa delingkuwenteng account na isinaad sa report sa delingkuwenteng account ay maaaring ipataw bilang prenda sa mga naturang mga property para sa halaga ng naturang mga singil sa pagiging delingkuwente pati ang mga bayaring legal at gastusin sa pangangasiwa. Isang sertipikadong kopya ng nakumpirmang report ang ifa-file sa klerk ng lungsod para sa kasalukuyang tax roll. Ang ginawang prenda ay ipapataw sa sandaling i-record, sa tanggapan ng taga-record ng county, ang sertipikadong kopya ng resolusyon ng kumpirmasyon. Ang lahat ng batas na naaangkop sa pagpapataw ng buwis, pangongolekta at pagpapatupad ng naaangkop na buwis ng lungsod sa mga property ay naaangkop sa mga naturang prenda.”